ISSN 2673-2874

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 4 Blg. 6 | Nobyembre - Disyembre 2022

www.pcc.gov.ph
Department of Agriculture-Philippine Carabao Center
pccoed2021@gmail.com




Pagpapataas ng dairy production, bilang ng mga kalabaw sa bansa, hangad pa rin ng DA-PCC 2



Pagsasanay sa produksyon ng silage, inilunsad sa Elyu 3

# Pagtitibay-ugnayan, tampok sa 8th National Carabao Conference

Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

***DA-PCC NHQGP —*** *Binigyang-diin ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang kahalagahan ng pagkakaroon ng matibay na ugnayan tungo sa matagumpay na pagsasakatuparan ng Carabao Development Program (CDP).*

***Sundan sa p.6***




*Sabay-sabay na pinutol ng DA-PCC executives at partner agency representatives ang laso bilang hudyat ng simula ng pagdiriwang ng 8th National Carabao Conference. Hudyat din ito na welcome ang lahat ng nais makibahagi at makisaya sa pagdiriwang.*

## 10 magigiting na carapreneurs at cooperatives, kampeon sa 'Gintong Kalabaw Cup'

Ni **Ronaline Canute**

***DA-PCC NHQGP —*** *Sampung magiting na carapreneurs na naniwala at nagpatunay na may tagumpay sa kabuhayang salig sa kalabaw ang pinarangalang kampeyon sa ginanap na Gintong Kalabaw Cup awarding ceremony na bahagi ng pagdiriwang ng 8th National Carabao Conference.*

Itinanghal si Joselino Cabino ng Surallah, South Cotabato bilang kampeon sa family module category. Aniya, ang pagtutulungan nila bilang isang pamilya ay susi sa pagkamit nila ng tagumpay. Siya at ang kanyang maybahay ay aktibong sumailalim sa iba't ibang pagsasanay katulad

***Sundan sa p.7***

## Business talk sa Rehiyon 4A, 4B, at 5

Nina **Rhea Mae Ruba** at **Jeremie Marinella Ledesma**

***DA-PCC sa UPLB —*** *Sa pagsusulong ng negosyong pangkabuhayan, idinaos ang isang aktibidad na pinamagatang "Business Talk: Carabao Business Workshop" na ginanap sa Villar Social Institute for Poverty Alleviation and Governance (SIPAG) Farm sa Bacoor, Cavite, nitong Nobyembre 23-25, 2022.*

Pinamunuan ito ng DA-PCC sa University of the Philippines-Los Baños (DA-PCC sa UPLB) kasama ang pangkat na Business Development and Commercialization Unit (BDCU) mula sa DA-PCC sa National Headquarters and Gene Pool (DA-PCC sa NHQGP).

Dinaluhan naman ito ng mga benepisyaryo ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) sa Southern Luzon, partikular na ang mga kasosyong kooperatiba sa Dairy Box mula sa Rehiyon 4A, 4B, at 5.

Layunin ng CBIN na hikayatin ang mga kooperatiba, mga pamahalaang lokal, at mga negosyante na isulong ang kahalagahan ng negosyong pagkakalabawan sapagkat nakatutulong ito upang makapagbigay ng kabuhayan at dagdag kita sa mga mamamayan.

Tinalakay sa aktibidad na ito ang mga usapin ukol sa

***Sundan sa p.3***

# 519 Davaoeño, inspiradong sumuong sa dairy farming dahil sa SOA

Nina **Dine Yve Daganos** at **Ronaline Canute**




***DA-PCC sa USM —*** *May 519 kabuuang bilang ng mga magsasaka at dairy farmers ang nakakumpleto ng 16 episodes School-on-the-Air (SOA) on Dairy Buffalo Production sa Rehiyon XI sa pangunguna ng DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) at Agricultural Training Institute (ATI) Region XI.*

Sa ginanap na graduation ceremony sa Carmen, Davao del Norte noong Nobyembre 29, 2022, nagpahiwatig ng pasasalamat ang mga nagsipagtapos dahil maraming mga bagong kaalaman ang kanilang natutunan.

"Kung ang niyog ay tinaguriang tree of life, ang kalabaw naman ay animal of life dahil sa maraming handog nito katulad ng gatas, karne, at pataba," pagbabahagi ni Joel Aleon na mula sa munisipyo ng Braulio E. Dumali.

Ayon naman kay DA-PCC sa USM Center Director Benjamin Basilio: "sa dairy, ang income ay daily". Ayon sa kanya, ito ang nais niyang maging inspirasyon ng mga kalahok upang pasukin at huwag sukuan ang dairy farming.

"Sa pamamagitan ng mga learning course na pinag-aralan ninyo, umaasa kami na isasakatuparan ninyo ang mga ito," dagdag ni Director Basilio.

Kasama sa mga episode ng SOA ang Carabao Development Program (CDP) lectures, forage at feed resources para sa kalabaw, forage establishment, forage at feed conservation, feeding of dairy buffaloes in different physiological stages, health management for physiological

# Pagpapataas ng dairy production, bilang ng mga kalabaw sa bansa, hangad pa rin ng DA-PCC

Ni **Jordan Ilustre**



***DA-PCC NHQGP —*** *Tagumpay na inilunsad ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang 8th National Carabao Conference (NCC) sa punong himpilan nito sa Science City of Munoz, Nueva Ecija noong November 15-16, 2022.*

Sa ginanap na Cara-Ugnayan sa media, sinabi ni Dr. Caro Salces, DA-PCC Deputy Executive Director for Administration and Finance, na patuloy ang DA-PCC sa pagpapadami sa bilang ng dairy buffaloes sa bansa kasabay ng pagpapataas ng dairy production na mapapakinabangan ng maraming mga kababayan. Patuloy aniya ang kanilang ugnayan sa mga buffalo farmers lalo na sa mga indibidwal, kooperatiba, at commercial farms.

Nilinaw naman ni Dr. Eric Palacpac, chief ng DA-PCC Knowledge Management Division na ang 99% dairy importation ng bansa ay karaniwang mga produktong milk powder na kung saan mga malalaking kumpanya ang nakikinabang. Sa ngayon aniya ang PCC ay nakatuon sa fresh milk production o Ready-to-

stages, proper housing of carabaos, buffalo diseases, agricultural insurances, heat detection at breeding services, forage at manure-based enterprise, meat-based at milk-based enterprise, at technology transfer.

Ang mga nagsilbing resource person ay binubuo ng mg kawani ng DA-PCC, ATI Region XI, Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC) Region XI, at mga batikang dairy farmers na tinutulungan ng DA-PCC.

Dumalo din sa programa sina DA Regional Field Office XI representative Marie Ann Constantino, Provincial Agriculture Office of Davao del Norte representatives Juna Sanchez, Davao del Norte Governor at nagsilbing guest speaker Edwin Jubahib, at mga representative ng local government units ng Carmen, Dujali, at Panabo City na sina Jerry Nalupa, Joey Ariola, at Samuel Anay.

*Kung ang niyog ay tinaguriang tree of life, ang kalabaw naman ay animal of life dahil sa maraming handog nito katulad ng gatas, karne, at pataba.*

**Joel Aleon**
*Graduate na mula sa munisipyo ng Braulio E. Dumali.*

# Pagsasanay sa produksyon ng silage, inilunsad sa Elyu

Ni **Rhea Mae Ruba**



***DA-PCC sa DMMMSU*** *— Nagsagawa ng isang pagsasanay ang DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (DA-PCC sa DMMMSU) na pinamagatang "Improving Animal Nutrition through Silage Production" sa tulong ng mga local government units (LGUs) sa La Union, nitong Nobyembre 26 at 28, 2022.*

Layunin ng nasabing pagsasanay na magbigay ng sapat na kaalaman at kasanayan sa buong proseso ng paggawa ng silage na makatutulong sa mga magsasaka na magkaroon ng sapat na supply ng masustansyang pagkain para sa mga alagang hayop.

Isinusulong din dito ang mga benepisyong nakapaloob sa produksyon ng silage, tulad ng pagpapanatili ng nutrisyon sa pagpaparami ng bilang ng mga alagang hayop at pagsisiguro sa kalidad ng makukuhang gatas mula sa mga ito.

Maliban sa mga benepisyong nabanggit, ibinahagi rin sa mga magsasakang-maggagatas ang negosyong nakapaloob sa produksyon ng silage. Iminungkahi na maaari nila itong gamitin para makatipid at maaari rin nila itong ibenta sa kanilang kapwa upang magkaroon ng kita.

Samantala, ipinakita ni Willy Estabillo, municipal agriculturist ng Naguilian, at Lilia Quesada, municipal agriculturist ng Agoo, ang kanilang suporta sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga pakinabang ng produksyon ng silage sa kalusugan ng hayop at kapaligiran.

Pinasalamatan din nina Estabillo at Quesada ang DA-PCC sa DMMMSU sa patuloy na pagsasagawa ng ganitong uri ng programa na magpapaunlad sa industriya ng paggagatasan sa probinsya ng La Union.

Sa kabilang banda, pinangunahan ni Reynaldo Paneda, training coordinator sa DA-PCC sa DMMMSU ang aktibidad na ito. Naging kaagapay niya si Jhon Jhon Resma, Science Aide.

Idinaos ang nasabing pagsasanay sa Naguilian noong Nobyembre 26 at sa Agoo naman noong Nobyembre 28.

Drink (RTD) Milk subalit hindi aniya inaalis ang posibilidad na matugunan ang pangangailangan ng bansa ng iba pang dairy products sa hinaharap.

Samantala sa hiwalay na panayam ng DWAY1332 Sonshine Radio Cabanatuan kay DA-PCC Executive Director Liza Battad, maliban sa dairy at carabeef production, patuloy aniyang tututukan ng ahensya ang mga magkakalabaw, kooperatiba, at mga stakeholders na involved sa industriya. Inilahad din nito ang pagtutok sa organic fertilizer (vermicompost) production umpisa sa susunod na taon upang matugunan ang mataas na presyo ng abono at matulungan ang mga magsasaka na mapalaki ang kita sa pamamagitan ng mas abot kayang presyo ng abono.

## Business talk...

*Mula sa p.1*

basic business principles, inventory management, cash and accounts receivable management, introduction to financial statements, iREB client dashboard, breakeven point analysis, product costing and pricing, branding 101, at social media marketing na magpapatotoo sa patuloy na pag-unlad ng mga programa at proyektong isinusulong ng CBIN sa Southern Luzon.

Sa usaping pangkabuhayan na ito naipaliwanag ang mga konseptong dapat isaalang-alang sa pagpasok sa negosyong pagkakalabawan at naituro rin dito ang wastong paggamit ng teknolohiya na magiging kaagapay ng mga negosyante sa larangang ito.

Samantala, sinuportahan at pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform, na pinamumunuan ni Senator Cynthia Villar ang nasabing aktibidad na naisagawa sa tulong ng Agricultural Training Institute (ATI).



# Outstanding

## DAIRY FARMERS, COOPERATIVE, BULL RECIPIENT, VBAIT, AT DAIRY BUFFALOES

Nina **Ma. Cecilia Irang-Mariano** at **Ronaline Canute**

### OUTSTANDING DAIRY BUFFALO FARMER FAMILY MODULE CATEGORY



**Canahay, Surallah, South Cotabato**

**JOSELINO C. CABINO**

Minsang nangamba at napanghinaan ng loob, nguni't ngayon ay tinatamasa na ng pamilyang Cabino ng Canahay Dairy Farmers Association (CADAFA), Surallah, South Cotabato ang benepisyong dulot ng gatas mula sa kanilang crossbred na kalabaw. Mula sa tatlo, ngayon ay mayroon nang limang kalabaw ang pamilya Cabino na nagbibigay sa kanila ng PHP30,000 na buwanang kita dahil sa gatas. Dahil dito, nakabili na sila ng freezer at milk cans, nakapagpaayos ng bahay, natutugunan ang pag-aaral ng Grade 12 na anak, at nakatutulong pa sa pang araw-araw nilang gastusin.

### OUTSTANDING DAIRY BUFFALO FARMER SEMI-COMMERCIAL CATEGORY



**Mavalor, Rosario, Batangas**

**JOSEPH NATHANIEL E. CAGUIMBAL**

Araw-araw may kita kaya araw-araw din niyang sinisipagang alagaan ang kanyang mga kalabaw. Maipagmamalaki ang masinop niyang pagtatala ng mahahalagang datos, pagpaparami ng mataas na uri ng kalabaw, magandang pakain na damo, at maayos na kulungan dahilan upang makapagbigay ng 11,550 litrong gatas ang kanyang 33 kalabaw na may katumbas na kabuuang kita na PHP714,549.25 sa taong 2021. Sa kitang umaabot ng PHP20,000 hanggang PHP30,000 kada buwan, mas determinado siyang ipagpatuloy ang nasumpungang kabuhayan.

### OUTSTANDING DAIRY BUFFALO FARMER COMMERCIAL CATEGORY



**Lomboy, San Jose City, Nueva Ecija**

**ACDI ACES PHIL PRODUCERS CORPORATION**

Tinaguriang "largest commercial dairy buffalo farm that propagates Italian Mediterranean Buffaloes (ITMB)" sa Pilipinas, ang dairy buffalo farm ng ACDI-Aces Phil. Producers Corp. ay naitatag at matatagpuan sa Sitio Lomboy, Brgy. Tayabo, San Jose City, Nueva Ecija noong taon 2019. Ang farm ay may lawak na 56 hectares, kung saan napapaloob ang mga bahay ng kalabaw, pati na rin ang mga tanim ng iba't ibang uri ng forages. Katangi-tangi ang farm sa kanilang monthly milk production na umaabot sa 15,000 liters mula sa 100 ginagatasang kalabaw. Dahil dito, nakapagtala rin ito ng mahigit PHP1 million na monthly sales mula lamang sa gatas.

### OUTSTANDING DAIRY BUFFALO FARMER COOPERATIVE



**Agriculture Compound, Rosario, Batangas**

**THE ROSARIO LIVESTOCK AND AGRICULTURE FARMING COOPERATIVE (TRLAFCO)**

Dahil sa dedikasyon ng bawa't miyembro, dumami ang kanilang kalabaw at hindi nagtagal ay naging isa itong ganap na kooperatiba sa pangalang Rosario Livestock Agricultural Cooperative. Katulong din sila ng pamahalaan sa pagpapatupad ng RA 11037 upang lutasin ang malnutrisyon sa pamamagitan ng pakikibahagi sa National Milk Feeding Program. Sa kasalukuyan, meron silang 81 na miyembro at 70% sa mga ito ang kasalukuyang naggagatas. Ngayon, sabay-sabay silang nangangarap at nagsusumikap na ang kanilang kasalukuyang tinatamasang tagumpay ay magpatuloy pa at makahikayat pa ng iba.

### OUTSTANDING BULL RECIPIENT



**Camanga, Badoc, Ilocos Norte**

**RHOMMEL GAMPONIA**

Maliban sa kakayahang mag AI,ipinakilala kay Gamponia ang isa pang serbisyo ng DA-PCC, ang Bull Entrustment Program (BEP) para matugunan ang pangangailangan ng mga nag-aalaga ng babaeng kalabaw sa kanilang lugar. Noong June 14, 2018, nabigyan siya ng bulugang kalabaw (2MM16010) matapos matugunan ang mga requirements para sa BEP at ma-evaluate bilang BEP applicant. Pagkaraan ng anim na buwan ay may naserbisyuhan na ang kanyang bulugan at nabuntis kaagad. Mula noon hanggang ngayon, patuloy pa rin na nagseserbiyo ang kanyang bulugan. Sa ngayon, may 28 anak na ito at may 19 pang buntis na manganganak na rin sa darating na araw at buwan. Ayon kay Rhommel, halos lahat na nang kalabaw sa kanilang lugar ay nabuntis ng kanyang bulugan. Ito ay base sa kanyang record at regular na pagmomonitor sa mga naserbiyuhan ng kanyang alaga.

Kabilang sa mga pamantayan sa pagpili ng nanalo na sila ay miyembro ng isang dairy buffalo cooperative o farmer's association na tinutulungan ng DA-PCC, nag-aalaga at naggagatas ng kalabaw, sumailalim sa interview at farm visit, at kailangang pasok sa lahat ng pamantayan ng DA-PCC katulad ng animal management system, physical condition of the animals, farm facilities at pasture, productivity, at milk collection at delivery system.

## OUTSTANDING VILLAGE-BASED AI TECHNICIAN (VBAIT)



Villaba, Leyte

**JESUS B. SUSON JR.**

Pati mga karatig-bayan ay dinadayo ni Jesus para lang mag-AI ng mga alagang kalabaw ng mga residente nito. Sa higit na 10 taon niyang pagiging village-based AI technician (VBAIT), maraming mestisong kalabaw ang naipanganak na nagbigay ng biyaya at pag-asang umunlad sa maraming magsasaka. Patuloy na nag-iikot sa kanayunan si Jonas upang magbigay ng mahusay na serbisyo at maipaabot ang mga benepisyo mula sa AI. Samantala, malaki naman ang pasasalamat ng mga taga Villaba na naparami nila at napalahian ng magandang kalidad ang kanil-ang mga kalabaw sa pamamagitan ng AI.

## BEST DAIRY BUFFALO COW PUREBRED-JUNIOR COW



Porais, San Jose City, Nueva Ecija

**2NIZ17730-BMB na pag-aari ni ARNOLD A. CUNANAN**

Sa edad na apat na taon ay 1,234.73 litro ng gatas ang naibigay ni 2NIZ17730-BMB na nagdulot ng malaking kita sa tagapag-alaga at nagmamay-ari nito na si Arnold Cunanan. Si Arnold ay nagkusang matuto sa maraming bagay patungkol sa pagkakalabawan. Nagawa niyang matutunan ang mga pangunahing pamamaraan sa pag-aalaga ng kalabaw sa pagdalo niya sa mga pagsasanay na isinasagawa ng DA-PCC. Maliban dito, malimit din siyang nag-oobserba at nagtatanong sa mga beterinaryo o teknisyan na bumibisita sa kaniyang kalabawan. Kaya hindi katakatakang ang kanyang alaga ay may maganda at malusog na pangangatawan at nakapagbibigay ng mataas na produksyon ng gatas.

## BEST DAIRY BUFFALO COW CROSSBRED JUNIOR COW



Camanga, Badoc, Ilocos Norte

**6MMC21312-CB75 na pag-aari ni RHOMMEL C. GAMPONIA**

Sa edad na mahigit dalawang taon, nagawa nitong makapagbigay ng 1,145.4 litrong gatas sa loob ng pitong buwan. Katumbas nito ay ang malaking kita at pakinabang sa tagapag-alaga at nagmamay-ari nito na si Rhommel Gamponia. Nang manganak at magbigay ng gatas ang kanyang crossbred (6MMC21312), naranasan ni Rhommel na totoong may kita sa gatas. Kaya naman mas pinagbuti pa niya ang kanyang pag-aalaga at pamamahala sa mga kalabaw para mapanatili ang magandang kalusugan nito at mataas na produksyon ng gatas.

## BEST DAIRY BUFFALO COW PUREBRED-SENIOR COW



Sta. Cruz, Baybay City, Leyte

**2LSC16013-BMB na pag-aari ni JEFFREY E. CUECO**

Gamit ang mga pinagbuting pamamaraan sa pag-aalaga, naparami niya ang bilang ng kanilang mga kalabaw at napataas ang produksyon ng gatas. Noong 2011 at 2021, pinarangalan ng DA-PCC ang kanilang alagang mga kalabaw bilang “Best Dairy Buffalo” dahil sa magandang pangangatawan at mataas na produksyon ng gatas, na sumasalamin naman sa paraan ng pamamahala ng tagapag-alaga.

## BEST DAIRY BUFFALO COW CROSSBRED SENIOR COW



Gabas, Baybay City, Leyte

**7LSC15015-CB87 na pag-aari ni JOSE GLENN P. PABROQUEZ**

Ang mga alaga niyang native na kalabaw ay sinimulan niyang palahian sa pamamagitan ng AI gamit ang semilya ng Murrah Buffalo. Noong 2013, nagsimula na siyang maggatas. Kabilang din siya sa technical team ng kooperatiba na nakatutok sa pagpapalahi ng kalabaw at paghihikayat ng mga interesadong magsasaka na maggatas. Isa rin siya sa umaasiste sa mga magsasakang nagsisimula pa lang maggatas. Nakatuon si Glenn sa pagpapataas ng lahi ng kanyang mga inaalagaang kalabaw at pagpapabuti ng kalusugan ng mga ito para mapanatili ang magandang pangangatawan at mataas na produksyon ng gatas.

# CAC, pamamahalaan ang itatayong Dairy Box sa Zambales

Nina Mikee Antonio at Ronaline Canute



*DA-PCC sa CLSU — "Sana, dumating ang panahon na hindi na kailanganin ng kooperatiba ang assistance na galing kay DA-PCC. Sana darating ang araw na kayo mismo ang source ng tulong at pag-asa sa bayan ng Castillejos."*

Ito ang mga binitawang salita ni DA-PCC Executive Director Dr. Liza Battad sa mga miyembro ng Castillejos Agricultural Cooperative (CAC) sa ginanap na ceremonial signing ng Memorandum of Agreement at groundbreaking sa itatayong Dairy Box sa Brgy. San Nicholas, Castillejos, Zambales.

Ang Zambales ay kilala sa sikat na mga dalampasigan at cove nito kaya inaasahang ang pinapatayong Dairy Box ay isa sa mga dadayuhing pasalubong center sa lugar.

Hinikayat din ni DA-PCC Deputy Executive Director Dr. Caro B. Salces ang CAC na lalong magsumikap upang mapapagtagumpayan ang proyekto.

"Together, let us make the carabao production successful, because failure is not an option", ani Salces.

Kaugnay nito ang paghikayat naman ng DA-PCC at CLSU Center Director Dr. Ericson N. Dela Cruz sa lahat ng mga kasapi na mahalin ang proyekto dahil may regular na income sa gatasang kalabaw.

Ang seremonya ay dinaluhan din ni Zambales Congressman, Hon. Jeffrey Khonghun na nagbahagi din ng kanyang suporta sa proyekto.

Ang aktibidad ay bahagi ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN), na mas kilala bilang Accelerating Livelihood Assets Buildup o ALAB Karbawan ng DA-PCC. Pinondohan ito ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia Villar.

## Pagtitibay-ugnayan, tampok...

*Mula sa p.1*

"Patuloy tayong magkaisa upang maisakatuparan ang layuning umunlad ang kabuhayan hindi lang ng mga magsasaka kundi ng lahat ng nakikinabang sa negosyong salig sa kalabaw," ani DA-PCC Executive Director Dr. Liza Battad sa kanyang mensahe sa ginanap na 8th National Carabao Conference (NCC) na may temang "Mga Kwentong Tibay, Pagbangon at Pasasalamat sa Pagkakalabawan", noong Nobyembre 15-16.

Ang tema ng komperensya ay nagpapakita na sa kabila ng mga hamon at pagsubok ay magagawang makabalikwas at makabangon ng mga sangkot sa industriya ng pagkakalabaw dahil sa pagtutulungan at matibay na ugnayan para sa iisang hangarin–ang mabiyaya, maunlad at masaganang kalabawan.

Samantala, ibinahagi naman ni dating DA-PCC Executive Director at ngayo'y Licaong Agriculture Cooperative Business Manager na si Dr. Libertado Cruz sa isang plenary session ang isang concept program ng convergence na pinamagatang "Focused and Accelerated Sector Growth thru Resource Use Optimization (FASGRO)". Ito, aniya, ay isang posibleng plataporma para pagsama-samahin ang iba't ibang sangkot sa carabao value chain na may iisang direksyong tinutungo upang makamit ang mas maunlad na pagkakalabawan.

Sa mensaheng ipinahatid ni DA Senior Undersecretary Domingo Panganiban sa pamamagitan ni DA Regional Executive Director Crispulo Bautista, kinilala niya ang aktibong pakikilahok at suporta ng mga magkakalabaw sa mga proyektong ipinatutupad ng gobyerno kagaya ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) at Coconut-Carabao Development Project (CCDP), pati na rin ang milk feeding at supplemented feeding programs ng DepEd at DSWD.

Tampok sa komperensya ang mga talakayan o plenary sessions ukol sa mga inisyatiba at pagsisikap ng ahensya sa pagsusulong ng industriya ng pagkakalabaw, mga pinagbuting pamamaraan sa pag-aalaga ng kalabaw, at iba't ibang mga proyektong ipinatutupad ng pamahalaan para mapaunlad ang kabuhayan ng mga magsasaka at mapabuti ang nutrisyon ng mga batang mag-aaral.



Maliban sa mga plenary sessions, nagsagawa rin ng Dairy Box convergence meeting, na pinangunahan ni DA-PCC Deputy Executive Director for Administration and Finance Dr. Caro Salces, upang bumuo ng National Dairy Box Business Council para sa mas maayos na pamamahala at operasyon ng Dairy Box models at mga kaugnay na salik sa proyektong ito.

Nagkaroon din ng techno-exhibit, launching ng "Faces of Success in Carapreneurship" audio-visual presentation, Cara-Ugnayan, at paggagawad ng parangal sa mga natatanging magkakalabaw sa iba't ibang panig ng bansa.

# Season-long FLS-DBP sa Eastern Visayas

Nina Sunshine Sabidalas at Ronaline Canute

***DA-PC sa VSU** — Ang Coconut-Carabao Development Project (CCDP) sa Maasin, Eastern Visayas, sa pakikipagtulungan ng City Agricultural Services Office at Southern Leyte Provincial Veterinary office, ay naglunsand ng season-long Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) noong Nobyembre 24, 2022 sa nasabing bayan.*




Ang mga kalahok dito ay 26 na miyembro ng The Pinoy Multi-Purpose Cooperative (TPMPC). Sila ay inaasahang magtatapos sa buwan ng Marso 2023.

Ang Leyte ay isa sa mga lugar sa bansa na sinalanta ng bagyo ngayong taon kaya't nabuhayan sila ng loob dahil nabigyan sila ng pagkakataon na magsanay para sa wastong pangangalaga ng gatasang kalabaw.

Binigyang-diin ni DA-PCC sa Visayas State University (DA-PCC sa VSU) Center Director Francisco G. Gabunada Jr. ang kahalagahan at layunin ng FLS-DBP sa mga kalahok.

"Magtiyaga kayo dahil kayo rin ang makikinabang sa huli," ani Director Gabunada Jr.

Aniya, ito ay may adhikain na ipakilala at ituro sa mga magsasaka ang mga angkop na teknolohiya sa dairy buffalo production. Isa-isa rin niyang binanggit sa kanila ang mga kagandahang dulot ng pagdalo at pagiging aktibo sa mga gawaing nagpapalawak ng kaalaman at kasanayan tulad ng FLS.

Ang mga accredited facilitators na namamahala sa workshop ay sina Renato Costillas, Ivy Claire Pusa, Rachelle Valdez, Eveger Sacnahon, Melvin Ablon, at Jomar Alkuino.

## 10 magigiting na carapreneurs at cooperatives... *Mula sa p.1*

ng dairy buffalo production management system, milk processing, at School on-the-Air on Dairy Buffalo Production.

Sa kategoryang semi-commercial ay masayang tinanggap ni Joseph Nathaniel Caguimbal ng Rosario, Batangas ang kanyang plake bilang bunga ng kanyang pagsusumikap sa pag-aalaga ng kanyang mga gatasang kalabaw. Inihayag niyang hindi siya nagsisisi sa kanyang desisyon na iwan ang corporate job sa isang bangko sa Makati upang pangasiwaan ang pag-aalaga ng kalabaw ng kanyang mga magulang.

Sa kabilang dako, nasungkit ng ACDI ACES Phil Producers Corporation ng San Jose City, Nueva Ecija ang unang puwesto sa commercial category. Ang kanilang monthly milk production ay umaabot sa 15,000 liters mula sa 100 na gatasang kalabaw.

Mula sa isang maliit na samahan ng mga magsasaka sa barangay, sinong mag-aakala na matapos ang maraming taon ay magiging kampeon ang The Rosario Livestock and Agriculture Farming Cooperative (TRLAFCO) bilang outstanding dairy buffalo farmer cooperative.

Para naman sa outstanding bull recipient, si Rhommel Gamponia ng Badoc, Ilocos Norte ang kampeon sa taong ito. Ang naipagkatiwala sa kanya ng DA-PCC na bulugang kalabaw (2MM16010) ay patuloy pa rin na nagseserbisyo sa kanilang lugar. May 28 anak na ito at may 19 pang nabuntis.

Ang itinanghal namang outstanding VBAIT ay ang tubong Villaba, Leyte na si Jesus Suson Jr.

Maulanan man o maarawan ay patuloy siyang nag-iikot sa kanayunan upang magbigay ng mahusay na serbisyo at maipaabot ang mga benepisyo ng AI.

Ang iba pang mga itinanghal na kampeon sa ilalim ng best dairy buffalo cow category ay ang 2NIZ17730-BMB (purebred-junior cow) na pagmamay-ari ni Arnold Cunanan ng San Jose City, Nueva Ecija; ang 6MMC21312-CB75 (crossbred-senior cow) ni Rhommel Gamponia ng Badoc Ilocos Norte; ang 2LSC16013-BMB (purebred-senior cow) na inaalagaan ni Jeffrey Cueco ng Baybay City, Leyte; at 7LSC15015-CB87 (crossbred-senior cow) ni Jose Glenn Pabroquez ng Baybay City, Leyte.

Lahat ng mga nanalo ay nakatanggap ng cash prizes at certificates bilang gantimpala.

Ang Gintong Kalabaw Cup award ay ginaganap taun-taon para bigyang pugay ang mga dairy buffalo farmers na nagpagilas at nagtagumpay sa kabuhayang salig sa kalabaw.



*Abangan sa susunod na isyu:*

**iASK: Mga paraan sa pagsasanay ng bulugan sa pagsampa**



**Mga makabagong kaalaman sa pagkakalabaw, itatampok sa Cara-Aralan webinar series**



# Farmer koop sumailalim sa food safety training

Nina **Dine Yve Daganos** at **Ronaline Canute**



## Ano ang Food Safety Republic Act?

Ang Republic Act No. 10611 o Food Safety Act of 2013 ay isinabatas upang palakasin ang food safety regulatory sa bansa.

Pinoprotektahan nito ang kalusugan ng mga konsumer. Layunin din nitong mapadali ang market access ng mga lokal na produktong pagkain.

Tinitiyak nito na ang lahat ng mga food business operators ay sumusunod sila sa lahat ng requirements na nakasaad sa batas.

***DA-PCC NHQGP** — Anim na araw na training sa Food Safety Compliance Officer (FSCO™), Hazard Analysis and Critical Control Point (HACCP) principles and practices, at basic food safety for food handlers ang matagumpay na isinagawa ng DA-Philippine Carabao Center na ginanap sa Caanawan, San Jose City, Nueva Ecija noong Nobyembre 20 hanggang 25, 2022.*

Ito ay dinaluhan ng 42 indibidwal na kasali sa buffalo dairy industry na kinabibilangan ng mga piling miyembro ng co-op na tinutulungan ng DA-PCC sa buong bansa, at mga kawani ng DA-PCC regional centers.

Ang mga paksa ay tinalakay ni Trainovate associates, Elsie M. Gatpayat, isang food safety officer at food safety trainer, at Lesly M. Gatpayat, isa ring food safety officer at HACCP consultant. Ang Trainovate ay kabilang sa ilang awtorisadong provider ng FoodSHAP®.

"Ang kaligtasan ng pagkain ay napakahalaga lalo na sa pagpapatupad ng mga programa sa pagpapakain ng gatas. Kapag mayroon kang sertipiko, mas maraming business opportunities ang magbubukas. Gawin natin ang ating tungkulin sa management upang makahanap ng mga kinakailangang mapagkukunan at pondo para sa patuloy na pagsubaybay, pagsusuri, at konsultasyon," ani DA-PCC Executive Director Dr. Liza G. Battad.

Sa huling araw ng pagsasanay ay sumailalim sa written exam ang mga kalahok. Laman ng exam papers ang mga kaalamang naituro sa kanila sa buong linggong training. Ang mga kalahok na papasa ay makakatanggap ng sertipiko mula sa FoodSHAP®.

Ang training ay inorganisa ng DA-PCC sa pamamagitan ng Product Development and Innovation Section (PDIS) at Central Dairy Collection and Processing Facility (CDCPF) na binubuo nina Patrizia Camille O. Saturno, Teresita M. Baltazar, at Marivic A. Orge.

Ang FoodSHAP® HACCP ay isang sistema na binuo upang matukoy at makontrol ang food hazard alinsunod sa Philippine Food Safety Act 2013 at Code of Sanitation. Ang FoodSHAP din ang una sa Pilipinas na bumuo ng isang national Food Safety Training & Examination System na kinikilala sa buong mundo.


## *Patnugutan*

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** RONALINE C. CANUTE
**Manunulat** MA. CECILIA IRANG-MARIANO, RONALINE C. CANUTE, DINE YVE D. DAGANOS, RHEA MAE B. RUBA, JAN ROSE G. MAON, JEREMIE MARINELLA S. LEDESMA, SUNSHINE T. SABIDALAS, MIKEE A. ANTONIO
**Contributor** JORDAN D. ILUSTRE
**Layout at Ilustrasyon** RHEA MAE B.RUBA
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RHEA MAE B. RUBA, RONALINE C. CANUTE
**Tagapayo** LIZA G. BATTAD

*CaraBalitaan*

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*


*I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.*

K-Portal

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

DA-PCC Virtual Tour

*Maaari na ring silipin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*